8

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay Aralin sa Filipino

Kuwarter 2

Aralin

2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 8**
**Kuwarter 2: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2025-2026**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa paunang implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**
- Joel C. Malabanan (Philippine Normal University-Manila)

**Tagasuri:**
- Evelyn M. Varron (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**FILIPINO, KUWARTER 2, ANTAS 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng pananakop ng Estados Unidos at tekstong impormasyonal (persweysib) para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan at target na babasa o awdiyens |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng video o animasyon na isinasalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayan at pananagutan |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | • Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay at tunggalian) at detalye sa tuluyan<br>• Naipaliliwanag ang banghay (gaya ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari; pagyuyugto ng mga pangyayari (foreshadowing) at pagbabaliktanaw sa mga pangyayari, mensahe, pahiwatig at kaisipan sa binasang tuluyan) at Tekstong Impormasyonal<br>• Nauunawaan ang tekstong persweysib gamit ang mga kasanayang pang-akademiko (gaya ng pagtukoy sa paksa, layon at ideya)<br>• Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento<br>• Naipaliliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal |
| **D. Nilalaman** | Mga Akda sa Panahon ng pananakop ng Estados Unidos<br>Mga dulang makabayan<br>Mga Rehiyonal na Akdang Pampanitikan |
| **E. Integrasyon** | Pagmamahal sa bayan<br>Hustisya at Pagkakapantay-pantay |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|

- Almario, Virgilio S. (2019) Si Corazon Bilang Makata ng Buhay https://josecorazondejesus.home.blog/si-corazon-bilang-makata-ng-buhay/
- Barcelona, Noel S. (2009) Aurelio Tolentino and His Play Kahapon, Ngayon, at Bukas https://www.bulatlat.com/2009/05/16/aurelio-tolentino-and-his-play-kahapon-ngayon-at-bukas/
- Franzen, Bea Rodriguez (2019) Confronting racism in America: past, present and future https://ncclinked.com/2019/04/16/confronting-racism-in-america-past-present-and-future/
- Lumbera, Bienvenido (1997) Philippine Literature (Revised Edition) Immaculate Conception Print House, Malolos City
- Maceda, Teresita Gimenez (1996) Mga Tinig Mula sa Ibaba. UP Press and UP Center for Integrative and Development Studies,
- Peace, Conflict Resolution and Human Rigthts Program, Diliman, Quezon City
- Malabanan, Joel C (2022) Speak in English Zone https://www.youtube.com/watch?v=IvHcwZfc8BM
- Nilbalvos, Mark Ian P. (2019) *Lipunan at Panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa Pagbubuo ng Literaturang Pambansa*. Malay
- De La Salle University. https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-32/1/7-nibalvos.pdf
- Navarro, Atoy, and Flordeliza L. Bolante (2007). Mga Babasahin Sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino,
- Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw. Quezon City: Published and distributed by C & E Pub.
- Rubin, Ligaya Tiamson et.al. (2006).“Panitikan sa Pilipinas”. Rex Bookstore.Lungsod ng Quezon. https://pinoypanitik.weebly.com/panahon-ng-amerikano.html
- San Juan, David Michael M. (2018) “Kontra-Gahum: Pagsipat sa Tema, Pilosopiya at Ideolohiya ng Piling Kontemporaryong
- Tulang Radikal Tungo sa Kontekstwalisasyon ng Kritisismong Marxista” https://www.researchgate.net/publication/322896456_Kontra-
- The Kahimyang Project (2024) Today in Filipino history: Aurelio Tolentino https://kahimyang.com/kauswagan/articles/2853/today-in-philippine-history-october-15-1869-aurelio-tolentino-a-playwright-poet-journalist-and-revolutionary-was-born-in-guagua-pampanga


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-Aral**<br>**A. Pagkilala**<br>Makikita sa ibaba ang dalawang sasakyang dagat, isa ay ang Reina Cristina na pag-aari ng Espanya at isa ang Olympia na pag-aari ng Amerika. Piliin ang mga salita sa kahon at isulat sa tapat ng Reina Cristina kung may kaugnayan ito sa pananakop at impluwensiya ng mga Kastila at sa tapat ng Olympia naman kung may kaugnayan ito sa pananakop at impluwensiya ng Amerika. | Sikaping pagbalik-aralan ang mga natalakay na paksa sa unang linggo. Bigayang diin na sinakop tayo ng mga Amerikano gamit ang dahas at ang edukasyon kumpara sa pananakop ng mga Kastila gamit ang dahas at relihiyon. |

| | | |
|---|---|---|
| | ***Maghanap ng larawan ng barkong "Reina Cristina"*** <br><br> ***Maghanap ng larawan ng barkong "Olympia"*** | *Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin.* |

| REINA CRISTINA | OLYMPIA |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

| | |
|---|---|
| Apolinario dela Cruz (Hermano Pule) | Moro-moro |
| Demokrasya | Pasyon |
| Felipe Salvador (Apo Ipe) | Patricio Montojo |
| George Dewey | Thomasites |
| Kristiyanismo | Vaudeville |

**B. Pagbabalik-aral sa Akdang "Sa Dakong Silangan" ni Jose Corazon de Jesus**

Ilarawan ang simbolo ng sumusunod na tauhan sa kasayasayan ng Pilipinas sa pamamagitan ng isang buong pangungusap.

1. Haring Pilipo
______________________________
______________________________
2. Haring Samuel
______________________________
______________________________
3. Reyna Malaya
______________________________
______________________________

Ang mga pamamaraang ito ay may epekto sa katangian ng mga panitikang nilikha ng mga Pilipino sa panahon ng mga pananakop.

Nanatili pa rin ang paksa ng paghahangad ng Kalayaan dahil kung tutuusin, inagaw lamang ng mga Amerikano ang kalayaang ipinaglaban natin sa mga Kastila.
Nabalewala ang deklarasyon ng Kalayaan ni Aguinaldo noong Hunyo 12,1898 sa Kawit, Cavite dahil sinakop na tayo ng mga Amerikano noong 1898 matapos na ibenta ng mga Kastila ang Pilipinas sa mga Amerikano sa halagang $20,000,000.00 sa Treaty of Paris noong Disyembre 10, 1898.

Tumagal ang pananakop ng Amerika sa Pilipinas hanggang 1935. Sa panahon ni Quezon, bagamat Pilipino na ang pangulo ay hawak pa rin ng Amerika ang ekonomiya at

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Prinsipe Dolar<br>________________________________________<br>________________________________________<br>5. Duke Democrito<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>**Pidbak:** Ano ang pinakamahalagang natutuhan mo sa akdang "Sa Dakong Silangan" ni Jose Corazon de Jesus? Papaano mo ito maiuugnay sa kasalukuyan? Ipaliwanag. | pulitika ng Pilipinas bago pa man sumapit ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at sakupin tayo ng mga Hapon mula 1942 hanggang 1945.<br><br>**Susi sa Pagsasanay:**<br>***Reina Cristina:***<br>Apolinario dela Cruz<br>Kristiyanismo Moro-moro<br>Pasyon, Patricio Montojo<br><br>***Olympia:***<br>Demokrasya, Felipe Salvador (Apo Ipe), George Dewey, Thomasites, Vaudeville<br>George Dewey |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Panghikayat na Gawain**<br><br>**A. Alam Ko Ito!**<br>Panuto: Pagsusuri ng Awit: Pakinggan ang awiting "2-4-1899" ni Joel C. Malabanan sa https://www.youtube.com/watch?v=hLfL0Q39cf8<br><br>Matapos mapakinggan at masuri ang awit ay sagutin ang sumusunod:<br><br>1. Paano nagsimula ang labanang Pilipino – Amerikano noong 1899? Ano ang naging epekto nito sa mga Pilipino?<br>2. Bakit maituturing na Tekstong Impormasyonal ang awit? Ipaliwanag.<br>3. Paano nagkakaugnay ang nakaraan at kasalukuyan batay sa awit? Pangatwiranan ang sagot.<br><br>**B. Pagsusuri ng Tekstong Biswal**<br>Suriin ang larawan at ipaliwanag ang mensahe sa sariling pangungusap | |




Dalrymple, L. (1898). A political cartoon depicting a man shielding a woman from 3 figures representing different countries or groups. LOC's Public Domain Archive. https://loc.getarchive.net/media/save-me-from-my-friends-dalrymple.

Paano nagkakatulad ang pananakop ng Amerika sa Pilipinas at sa Cuba batay sa larawan? Ipaliwanag.

**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

Para sa Ikalawang linggo, ang tuon ng aralin ay tungkol sa Mga Akda sa Panahon ng pananakop ng Estados Unidos. Tatalakayin at susuriin ang halimbawa ng dulang makabayan at rehiyunal na panitikan sa panahong ito. Itatampok ang mga makabayang manunulat.

Ang dulang Makabayan ay mga pang-entabladong pagtatanghal na tumatalakay sa pagmamahal sa bayan. Ilan sa mga halimbawa nito sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano ay ang "Walang Sugat" ni Severino Reyes, (na kinilala bilang "Ama ng Dulang Tagalog,) "Tanikalang Ginto" ni Juan Abad, "Hindi Ako Patay" ni Juan Cruz Matapang at marami pang iba. Ang mga dulang ito ay naging mainit sa paningin ng mga Amerikano dahil sa pagtataglay ng makabayang tema.

**GABAY-TANONG**


Maituturing na rehiyonal na dula ang "Kahapon, Ngayon at Bukas" ni Aurelio V. Tolentino na may pamagat na "Napon, Ngeni at Bukas" sa Kapampangan. Ang mga rehiyonal na dula na nasusulat sa mga rehiyonal na wika sa Pilipinas ay kapantay rin ng mga dulang nasusulat sa Tagalog. "Elena" naman ang pamagat ng dulang Cebuano ni

1. Ano-ano ang mga paksa ng mga Pilipinong dula na nasulat sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano?
2. Paano mailalarawan ang tauhan, tagpuan, banghay at tunggalian sa dulang "Kahapon, Ngayon at Bukas" ni Aurelio Tolentino? Ipaliwanag.
3. Ano ang gamit at kahalagahan ng panitikan sa panahon ng pananakop ng Estados Unidos?

**3. Paghawan ng Bokabularyo**

Ang mga salitang nakahiga sa sumusunod ay mula sa akdang "Kahapon, Ngayon at Bukas" ni Aurelio V. Tolentino. Piliin lamang sa **barko ng mga salita** ang pinakamalapit na kahulugan ng mga ito.

1. huwag dadalawin ng siphayo't ng *hilahil*
2. madlang *biyaya* sa kaniya'y sumagana.
3. tanging *suhay* ng aking buhay.
4. Huwag sabihin ang *pakay*.
5. ang buwisit at *manggagaway*
6. *dinudusta* ninyo sa libingan
7. *libakin* ang inyong sariling dangal.
8. kayo po ay *babakahin*
9. *nilakong* buhay ng bayan
10. *taliba* ng kaaway




Vicente Sotto noong 1902. "Ang Ayat Iti Ili ken Dadduma Pay a Drama" (Pag-ibig sa Bayan at Iba pang Drama) ni Jose Garvida Flores ay halimbawa ng dulang Ilocano.
Ang mga dulang rehiyonal sa iba't ibang lugar sa Pilipinas ay may ambag ding malaki sa pag-unlad ng dula o teatro sa bansa sa panahon ng pananakop ng mga Kastila at Amerikano hanggang sa kasalukuyan.

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawang Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Si Aurelio Tolentino Bilang Makabayang Manunulat sa Panahon ng Pananakop ng Amerika**<br><br>Ang manunulat na si Aurelio V. Tolentino ay isinilang sa Santo Cristo, Guagua, Pampanga siyá noong ika- 13 ng Oktubre 1867. Minana niya ang kanyang pagiging manunulat sa kanyang amang si Leonardo Tolentino na isang mandudula at direktor ng mga komedya. Nagtapos siya ng Licenciado en letras sa Colegio de San Juan de Letran at nakapag-aral din sa Unibersidad ng Sto. Tomas. Bagamat isa siyang Kapampangan, nagsulat din siya ng mga makabayang akda gamit ang Tagalog at Espanyol.<br>Personal niyang naging kakilala si Andres Bonifacio at maraming ulit siyang nabilanggo dahil sa kanyang pakikisangkot sa himagsikan noong 1896 at sa kanyang pagsusulat sa mga pahayang La Independencia noong 1898 at La Patria noong 1899. Nagtangka rin siyang makipagtulungan sa rebolusunaryong si Artemio Ricarte at gumawa ng mga propaganda laban sa gobyerno ng Amerika sa Pilipinas. Mapanganib ang ginawa niyang ito dahil ang parusa sa mga lumalaban sa Amerika ay mahabang pagkabilanggo kung hindi man kamatayan.<br>Noong Mayo 14, 1903, itinanghal sa Teatro Libertad sa Maynila ang kanyang dulang “Kahapon, Ngayon at Bukas” kung saan may eksena ng pagpunit sa watawat ng Amerika. Natakot ang aktor na gawin ang eksena dahil may mga Amerikanong nanonood kung kaya si Aurelio Tolentino mismo ang gumawa ng pagpunit sa watawat ng Amerika. Dahil dito, kinasuhan ng sedisyon ang lahat ng nasa likod ng dula ngunit inako ni Aurelio Tolentino ang kasalanan kung kaya siya lamang ang nabilanggo hanggang 1912.<br>Nang lumaya ay sumulat siya ng isang dula na pinamagatang “Ang Bagong Kristo” na tungkol sa pakikibaka ng mga manggagawa. Nagtatag din siya ng paaralang nagtuturo ng wika at panitikang Tagalog na tinawag na El Parnaso Filipino". Tunay na natatangi si Aurelio V. Tolentino bilang makabayang manunulat sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano.<br>Pumanaw siya noong Hulyo 5, 1915. | **Mahahalagang Tanong:**<br>Batay sa kasaysayan, sa papaanong paraan nagamit ang panitikan upang ipaglaban ang kalayaan ng bansa?<br><br>Papaano naging alegorya ng kasaysayan ang dulang |

**Paglalapat at Pag-uugnay**

Pagkumparahin ang akdang "Sa Dakong Silangan" ni Jose Corazon de Jesus at ang dulang "Kahapon Ngayon at Bukas" ni Aurelio V. Tolentino. Isulat ang obserbasyon sa kahon

| | SA DAKONG SILANGAN | KAHAPON, NGAYON, AT BUKAS |
|---|---|---|
| Anyo ng Akda | | |
| Paksa ng Akda | | |
| Pangunahing mga Tauhan | | |
| Mensaheng Nais Iparating sa Mambabasa | | |

**Ikatlong Araw**

**Pag-unawa sa Binasa**

Basahin at unawain ang sumusunod upang masuri ang alegorya ng pananakop ng Amerika sa Pilipinas.

**KAHAPON, NGAYON AT BUKAS (bahagi lamang)**

(Unang Tagpo ) Aurelio V. Tolentino

**MGA TAUHAN**

INANGBAYAN (PILIPINAS)
DILAT-NA-BULAG (ESPANYA)
BAGONGSIBOL (AMERIKA)
MASUNURIN (BABAING PILIPINA)
TAGA-ILOG (ANG KATAGALUGAN)
MATANGLAWIN (GOBYERNO NG KASTILA)
MALAYNATIN (GOBYERNO AMERIKANO)
ASALHAYOP (MAPAGLILONG TAGALOG)
HARINGBATA (HARING INSIK)
HALIMAW (PRAYLE)

"Kahapon, Ngayon at Bukas ni Aurelio V. Tolentino? Ipaliwanag.

Ipabasa at ipasuri ang bahagi ng dulang "Kahapon, Ngayon at Bukas na nakatala sa Sagutang Papel ng Pagkatuto. Talakayin ang mga simbolismo nito batay sa konteksto ng pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas.

Kung may sapat pang oras ay maaaring ipatanghal sa mga bata ang bahagi ng dulang "Kahapon, Ngayon at Bukas" na nabasa.

Maari ding atasan ang mga mag-aaral na magsaliksik upang mabasa ang kabuuan ng dula.

**Susi sa Katanungan**

A. Pagtukoy
1. Tsina
2. Pilipinas
3. Asalhayop
4. Amerika
5. Pilipno
6. tanso
7. manggagaway / mangkukulam
8. libingan
9. Inangbayan
10. Taga-ilog

| | | |
|---|---|---|
| | WALANG-TUTOL (LALAKING PILIPINO)<br><br>**Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**A. Pagtukoy**<br>Isulat sa patlang ang tinutukoy sa bawat bilang.<br><br>________________ 1. Ito ang bansang isinasagisag ni Haringbata.<br>________________ 2. Ito ang isinasagisag ni Inangbayan<br>________________ 3. Siya ang taksil na tauhan sa dula<br>________________ 4. Ito ang tinurukoy na Bagongsibol sa dula<br>________________ 5. Sila ang isinasagisan ni Walangtutol<br>________________ 6. Ito ang dapat ipakita upang makapasok sa bahay ni Haringbata.<br>________________ 7. Ito ang paratang ni Asalhayop kay Inangbayan<br>________________ 8. Sa dula, ito ang lugar na nilalapastangan ayon kay Inangbayan<br>________________ 9. Siya ang nakatuklas ng pagtataksil sa dula<br>________________10. Siya ang pinuno ng himagsikan sa dula<br><br>**B. Pagsagot sa Makabuluhang Tanong**<br>1. Sa bahagi ng dula na iyong binasa, bakit kaya ang mga Tsino ang pinalitaw na kalaban sa halip na ang mga Amerikano?<br>2. Papaano naging asal-hayop si Asalhayop sa dula? Ipaliwanag.<br><br>. | **B. Posibleng sagot sa makabuluhang tanong:**<br>1. Batid ni Aurelio Tolentino ang Sedition Law at posibleng sa unang bahagi ng dula ay pinalitaw niyang si Haringbata (Tsino) ang kalaban upang makaiwas sa demanda ng gobyernong Amerikano. Subalit dahil ang dula ay mapagpalaya, sa iba pang bahagi ay lumitaw na ang tunay na kalaban ay ang Amerika kaya nga may eksena sa dula (hindi kasama sa nakalahad) na pinunit ang watawat ng Amerika. Dahil dito ay nakulong si Aurelio Tolentino nang siyam na taon mula 1903 hanggang 1912.<br><br>2. Sa dula, naging asal-hayop si Asalhayop nang tumanggap siya ng salapit kay Haringbata para lamang malaman ang gagawing pagsalakay sa kanya nina Taga-ilog. Mas pinili niya ang pansariling interes, ugaling mas makikita sa hayop kaysa sa tao.<br><br>**Balikan at ipasagot sa mag-aaral ang mga tanong sa Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin.** |

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | 1. **Pabaong Pagkatuto**<br>**Pagsusuri ng Awit**<br>Pag-aralan ang letra ng kantang “Speak in English Zone sa ibaba. Maaring mapanood ang video sa https://www.youtube.com/watch?v=IvHcwZfc8BM<br><br>**SPEAK IN ENGLISH ZONE**<br>Musika at Titik ni Joel Costa Malabanan<br><br>Taong 1898 nang sumalakay si George Dewey<br>Sa ngalan ng Benevolent Assimilation ni McKinley<br>Ang paglaya sa Kastila ay agad na nawalang saysay<br>Dahil sa imperyalistang likas yaman ang pakay!<br><br>At ang mga Kano at Kastila'y nagbentahan<br>Twenty million dollars ang naging kabayaran.<br>Sinimulan ng Thomasites kolonyal na edukasyon<br>English ang wikang nagsilbing pundasyon<br><br>Ang magigiting na bayani ay ipinabitay<br>Tulad nina Felipe Salvador at Macario Sakay<br>Pulitika, ekonomiya at ang kulturang popular<br>Sa puso't diwa English ang idinadasal.<br><br>Ang bayan ko ay Speak in English Zone<br>Paghahandang yakapin ang globalisasyon<br>Nag-eeksport tayo ng manggagawa't caregiver<br>Mga graduates natin ay nasa call center<br><br>Pagkatapos ng World War II Parity Rights ang sumakal<br>At ang nagsilbing tanod ay ang mga base militar<br>Manggagawa at magsasaka ay nalibing sa kahirapan<br>At nabaon sa utang ang sambayanan.<br><br>Ngayo'y wala nang base militar wala na rin ang Thomasites<br>Ngunit may VFA at English speaking campaign<br>At ang mga paaralang hulmahan ng propesyunal<br>Sinanay upang maglingkod sa mga dayong kapital | |

Ang bayan ko ay Speak in English Zone
Alipin tayo noon hanggang ngayon
Nag-eeksport tayo ng manggagawa't caregiver
Mga graduates natin ay nasa call center.

At ang bansang Pilipinas kahit pa agricultural
Walang makain ang mga mamamayan
Ang ating isip, salita at gawa ay kolonyal
Lahi tayo ng alipin sa sarili naming bayan.

Nalulong sa K-pop ang kabataan ni Rizal
Sa pagdodota animo'y mga hangal
Pulitika, ekonomiya at ang kulturang popular
Sa puso't diwa English ang idinadasal.

Ang bayan ko ay Speak in English Zone
Paghahandang yakapin ang globalisasyon
Nag-eeksport tayo ng manggagawa't caregiver
Mga graduates natin ay nasa call center

Ang bayan ko ay Speak in English Zone
Alipin tayo noon hanggang ngayon
Ang pagbabago ang tanging solusyon
Durugin ang kolonyal na edukasyon!

Sariling wika ang ang siyang magpapalaya
Sa sambayanang gapos ng tanikala!
Sariling wika ang ang siyang magpapalaya
Sa sambayanang gapos ng tanikala!

Itala kung paano maiuugnay ang awit sa tulang "Sa Dakong Silangan" at dulang "Kahapon Ngayon at Bukas" gamit ang kahon sa ibaba:

| | **Sa Dakong Silgangan** | **Kahapon, Ngayon at Bukas** | **Speak in English Zone** |
|---|---|---|---|
| Mga Tauhan | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | |
| Tagpuan | | | |
| Banghay | | | |
| Tunggalian | | | |
| Mensahe para sa Mag-aaral | | | |
| Pamalagiang Pagkatuto | | | |

2. **Pagninilay**
Sumasang-ayon ka ba na "sariling wika ang siyang magpapalaya sa sambayanang gapos ng tanikala"? Ipaliwanag.

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusuri sa Foreshadowing ng Akda**<br>Sa akdang *Ibong Adarna*, ang *foreshadowing* ay ang panaginip ni Haring Feenando na nagkatotoo nang pagtaksilan nina Don Pedro at Don Diego si Don Juan at inihulog sa balon. Ang *foreshadowing* bilang *literary device* ay nagsisilbing babala sa mambabasa sa posibleng maganap sa akda. Subalit ang *foreshadowing* sa isang makabuluhang akda tulad ng *Kahapon, Ngayon at Bukas* ay maaari ring gamitin sa pagsusuri sa kinabukasan ng bansa. Taong 1903 pa nasulat ang akda at bahagi lamang ang nabasa mo ngunit sa kasalukuyan, maaaring makita ang kalagayan ng Pilipinas gamit ang kaalaman sa kasaysayan at ang pagsusuri sa mga isyung panlipunan.<br>Gamit ang perspektiba ng kasalukuyan, ipaliwanag kung paano naging *foreshadowing* ng kalagayan sa kasalukuyan ang sumusunod:<br><br>1. Si Asalhayop at ang pakikipagsabwatan niya kay Haringbata<br>________________________________________ | **Mga Posibleng Tuon ng Paliwanag:**<br><br>1. May mga Pilipino sa kasalukuyan na nakikipagsabwatan sa mga Tsino. Isang halimbawa ay ang inaakusahang Tsino na naging mayor at ang mga pulitikong nagwagi sa eleksyon mula sa pondo ng mga Tsino. |

| | | |
|---|---|---|
| | ____________________________________________<br>____________________________________________<br>2. Si Haringbata sa perspektiba ng kasalukuyan<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>3. Ang panawagan ni Inangbayan sa kanyang mga kababayan<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>4. Pahayag ni Asalhayop na "mabuti ang may salaping alipin kaysa mahirap na laya."<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>**2. Paglalagom**<br>Gamit ang kaalaman sa kasaysayan ay napag-aaralan natin ang kahapon. Ang kritikal naming pagsusuri sa mga nagaganap sa lipunan ang batayan ng ating ngayon. Gamit ang islogan ng DepEd na **"bansang makabata, makabatang bansa"** ipaliwanag pamamagitan ng organisadong mga pangungusap na hindi bababa sa walo kung ano ang magiging kalagayan ng Pilipinas sa kinabukasan.<br>Itatakda ng guro at ng klase ang pamantayan sa pagmamarka ng sanaysay. | 2. Kung noong 1903 ay "batang hari" pa lamang ang Tsina, ngayon ay isa na itong makapangyarihang hari. Mga Tsiono ang may control ng mga bangko at negosyo sa Pilipinas. At ang kaharian nito ay sakop sa buong mundo at hanggang West Philippine Sea.<br>3. Nanantili ang panawagan sa mga Pilipino na mahalin ang sariling bayan at pahalagahan ang mga aral ng kasaysayan. Tulad noong 1903, marami pa ring mga Pilipino ang umaasa sa mga dayuhan. Ang Foreign Direct Investment (FDI) ay hindi kalian man magpapaunlad sa Pilipinas sapagkat maging si Andres Bonifacio ay nagpahayag sa kanyang sanaysay na "Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog" na "huwag nating antayin sa iba ang ating kabuhayan".<br><br>4. Ang pahayag ay tipikal na paniniwala ng mga taong mas pinapahalagahan ang pera kaysa sa prinsipyo at integridad. Marami pa ring Pilipino ang katulad ni Asalhayop sa kasalukuyan. At ang mga taong tulad nila ay hindi dapat tularan. |

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>



| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Joel C. Malabanan, PhD*** | ***Sinuri ni: Evelyn M. Varron*** |
| ***Institusyon: Philippine Normal University - Manila*** | ***Institusyon: Philippine Normal University - Manila*** |